ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 21
Nobyembre 7, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Itigil ang teroristang pambobomba mula sa himpapawid!

Ang paghuhulog ng mga bomba mula sa himpapawid mula sa mga eroplanong pandigma at helikopter at ang katuwang na paggamit ng mga *drone* para sa sarbeylans sa isinasagawang gera kontra-gerilya ay labag sa internasyunal na makataong batas na gumagabay sa kondukta ng gera. Ang paggamit ng mga sandatang ito ay dapat itigil at ipagbawal.

Labis-labis ang inihuhulog na tone-toneladang bomba, pinalilipad na *rocket*, ibinubugang mga bala ng masinggan, at panganganyon ng militar. Ang gayong malalakas na sandata, na karaniwang ginagamit pangwasak ng mga tangke at gusali, ay nagdudulot ng malaking pinsala sa buhay at kalikasan. Lalong kasuklam-suklam ang paggamit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng "proximity fuse" para pasabugin ang bomba ilang metro bago ito tumama sa lupa na nagdudulot ng mas malawak pang pinsala.

Itinataas ng AFP ang kakayahan nito sa pag-asinta ng pambobomba sa pamamagitan ng paggamit ng mga *drone* para sa pang-ereng sarbeylans (pagkuha ng litrato, *thermal imaging* at elektronikong paniniktik) sa malawak na kalupaan. Nakadugtong ito sa lokal na mga espiya at mga kagamitang paniktik para tukuyin ang mga pwesto ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

May ilan nang pagkakataong tumama ang mga bomba sa mga pwesto o kampo ng BHB na ikinasawi ng maramihang bilang ng Pulang mandirigma, katulad ng pagkitil sa buhay ng 20 sa Dolores, Eastern Samar noong Agosto 16, 10 sa Gingoog City sa Misamis Oriental noong Mayo 10, 2020, at pito sa Sta. Teresita, Cagayan Valley nitong Setyembre 21. Kadalasang isinasagawa ang pambobomba sa mga natukoy na pwesto ng BHB sa madaling araw bago pumutok ang liwanag.

Ang paggamit ng labis na malalakas na sandata ay taliwas sa mga prinsipyo ng makataong batas na nagsasaad ng paggamit lamang ng hustong lakas para makamit ang isang partikular na layuning militar na hindi nagdudulot na sobra-sobrang pinsala sa armadong katunggali at hindi taliwas sa kung ano lamang ang matwid at makatao.

Sinasamantala ng AFP ang bentaheng panghimpapawid nito laban sa BHB sa paghuhulog nito ng bomba sa mga armadong katunggali na walang kakayahang magdepensa at walang pagkakataong lumaban. Hindi gera ang ganitong paraan ng maramihang pagpuksa, kundi brutal at madugong pagpatay. Isinasaad ng prinsipyo ng pagkamarangal na ang karapatang puksain ang kaaway ay makatwiran lamang kung ito ay nasa larangan ng armadong labanan. Sa

paghuhulog ng bomba mula sa ilang kilometro sa himpapawid, ipinamamalas ng AFP ang kawalan ng pagkamarangal at labis na karuwagan.

Sa kabila ng paggamit ng mga *drone*, mas madalas pa rin na nagmimintis ang mga bomba ng AFP at tumatama, pumipinsala at nagsasaboy ng lason sa mga bukid sa kapatagan na malapit sa mga komunidad, sa mga sakahan at taniman sa bundok, sa mga lugar ng pangangaso, at mga pinagkukunan ng tubig, pagkain, gamot at iba pang rekursong pangkabuhayan ng masa. Kamakailan, nagresulta sa pagkasunog na malaking bahagi ng kabundukan ang matinding pambobomba.

May mga pagkakataong naghuhulog ng bomba at nag-iistraping sa malapit sa mga komunidad na walang malinaw na target ang AFP. Isinasapeligro nito ang buhay ng mga sibilyan at naghahasik ng matinding takot. Paulit-ulit ang mga kaso na napupwersang magbakwit ang mga tao. May ilan nang kaso ng mga sibilyang di man tuwirang tinamaan ay namatay dahil sa sakunang dulot ng pambobomba. Ang nakaririnding ugong ng matagalang pag-ikot-ikot ng mga *drone* sa kanilang mga komunidad at kabundukan ay sumisira sa katahimikan at nagdudulot ng labis na pangamba sa masa. Nambobomba ang AFP upang sindakin ang masa at paluhurin sila sa kapangyarihan ng militar. Ano pa nga ba ito kundi terorismo mula sa himpapawid.

Bilyun-bilyong piso ang nilulustay ng AFP sa halos araw-araw na pagpapalipad ng mga *drone*, eroplanong pandigma at helikopter. Ilang bilyong pisong halaga ng mga bomba, *rocket* at mga bala ang winawaldas para sa mga sandatang ito ng terorismo. Inaaksaya ang ganito kalaking pondo habang walang hanapbuhay, mababa ang sahod at kinikita at tuluy-tuloy na pumapaimbulog ang presyo ng mga bilihin.

Dapat magkaisa ang sambayanang Pilipino laban sa brutal at teroristang pambobomba mula sa himpapawid ng AFP. Dapat manindigan ang nagtataguyod sa karapatang-tao at kapayapaan, mga abugado at ekspertong ligal, at lahat ng nagmamahal sa demokrasya, para isulong ang mga hakbang para ilantad, batikusin at itulak ang pagbabawal sa paggamit ng mga sandata ng terorismo ng estado. Dapat ilantad sa internasyunal na komunidad ang kabuktutan ng teroristang pambobomba sa Pilipinas at makiisa sa iba pang mamamayang dumaranas ng katulad na karahasan tulad sa Palestine, Yemen, Syria, Kurdistan, Afghanistan, Pakistan at iba pang bansa. Ilantad at batikusin ang pagsuporta ng imperyalismong US sa teroristang pambobomba ng pasistang rehimeng Duterte.

Dapat patuloy na magpakahusay ang BHB sa gerilyang pakikipagdigma upang biguin ang teroristang pambobomba ng AFP. Lahat ng yunit ng BHB, maliit o malaki, ay dapat maging puspusan sa pagtalima sa mga binuong patakarang pansegurídad. Dapat maging mahusay at mapanlikha sa lihim na pagkilos upang panatilihing bulag at bingi ang kaaway at ipawalangsaysay ang mga *drone* at iba pang kagamitan ng kaaway sa paniniktik.

Dapat panatilihin ng lahat ng yunit ng BHB ang mataas na antas ng mobilidad at kakayahan sa mabilis na paglilipat-lipat upang iwasang masukol at maasinta ng kaaway. Kailangang tuluy-tuloy na palaparin ng lahat ng yunit ng BHB ang kinikilusan nitong erya. Iwasan ang labis na pagkakampante o pagluluwag na lumilitaw sa panahon na may natatamong tagumpay sa gawaing militar man o sa gawaing masa.

Dapat tuluy-tuloy na itaas ng BHB ang kakayahan na maglunsad ng mga opensiba laban sa mga kagamitang panghimpapawid ng kaaway. Wala man tayong mga kagamitang *anti-aircraft*, magagamit ng mga isnayper na Pulang mandirigma ang mga riple laban sa mga helikopter ng kaaway kapag lumilipad nang mababa o kaya'y lumalapag sa mga bundok at sa loob ng mga sonang gerilya.

Dahil sa lumalaking papel ng mga kagamitang panghimpapawid sa mga operasyong kontra-gerilya, hindi magtatagal na magiging pa-

*"Itigil...," ituloy sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 21 | Nobyembre 7, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**@cpp_angbayan**

**fb.com/editorsofAB**

**cppinformationbureau@gmail.com**

# Nilalaman

**Editoryal:** Itigil ang teroristang pambobomba mula sa himpapawid! 1
Mga kasinungalingan sa pagpatay kay Ka Oris 3
Sa tuwing umuulan ng lagim 4
Limang magsasaka sa Masbate, minasaker 5
Teror sa Abra-Apayao 5
Mga protesta 5
Gawang-militar na mga samahan, hungkag 6
Sulong, mga manggagawa sa Katagalugan! 7
Ano ang RCTU? 7
Opensiba ng BHB sa Iloilo 8
Sundalong nag-amok sa Bukidnon, kinuyog 8
Sa madaling salita 9
Irolbak ang presyo ng langis! 10
Grupong Palestino, binansagang terorista 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Pagpaslang at mga kasinungalingan ng AFP hinggil sa pagkamatay ni Ka Oris

Mariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang Armed Forces of the Philippines (AFP), partikular ang 4th ID, sa walang dangal na akto ng pagpatay kay Ka Oris (Jorge Madlos) at sa kasama niyang medik na si Ka Pika. Kinukundena rin nito ang kasunod na engrandeng palabas sa midya at mga kasinungalingan ng matataas na upisyal militar para pagtakpan ang kanilang krimen.



Si Ka Oris, 72, ay halal na kasapi ng Komite Sentral, Kawanihan sa Pulitika at Komiteng Tagapagpaganap ng PKP. May mataas na katungkulan at tagapagsalita siya ng National Operational Command (NOC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Isa siya sa mga unang kadre ng Partido na nagtatag sa BHB sa Mindanao. Bilang parangal, idineklara ng PKP bilang Internasyunal na Araw ng Paggunita para kay Ka Oris ang Nobyembre 7. *(Para sa buong parangal ng PKP, basahin ang espesyal na isyu ng Ang Bayan, Nobyembre 2, 2021.)*

Taliwas sa ipinakakalat ng militar, hindi namatay sa engkwentro sina Ka Oris at Ka Pika. Sakay sila ng motorsiklo at binabaybay ang daan mula sa sentro ng bayan ng Impasug-ong sa Bukidnon patungo sa pambansang haywey nang tambangan sila ng mga sundalo ng 403rd IBde. Bumibyahe sila noon para sa regular na tsek-ap sa kalusugan at pagpapagamot. Pareho silang di armado at wala sa katayuang lumaban.

Apat na oras matapos ang pagpaslang, pinutakti ng mga FA-50 *fighter jet* at mga helikopter ang Sityo Gabunan, Barangay Dumalaguing, sa parehong bayan. Kinabukasan, Oktubre 30, "ginalugad" umano ng mga yunit militar ang pinagbagsakan ng mga bomba. Sa di kapani-paniwalang kwento, pinalabas ng AFP na "nakaengkwentro" bandang alas-11 ng umaga ng militar ang yunit ng BHB na kinabibilangan ni Ka Oris at Ka Pika. Dito umano nila "nakuha" ang bangkay ng dalawa.

Hindi makapaglabas ng anumang litrato ng pinangyarihan ng engkwentro ang AFP. Lahat ng mga larawan ng labi ni Ka Oris ay malapitang kinuha. Sa mga ito, nakaahit ang bigote at mahabang balbas ni Ka Oris, bagay na ginagawa lamang niya kapag bumibyahe at kailangang baguhin ang kanyang hitsura.

Para ipagpilitan ang kwentong "engkwentro," paulit-ulit pang binomba ng AFP ang mabundok na bahagi ng Dumalaguing noong Nobyembre 2.

Gumawa pa ng kwento ang militar na madalas diumanong pumunta si Ka Oris sa Cagayan de Oro City para magpa-*dialysis*. Walang sakit sa bato si Ka Oris. Ang karamdaman niya ay dulot ng pinsala sa kanyang pantog, na mahigit tatlong dekada na niyang iniinda.

Noong Nobyembre 3, sinunog ng AFP ang ebidensya ng kanilang krimen sa unilateral na desisyong ipina-*cremate* (ipinasunog para gawing abo) ang mga labi nina Ka Oris. Pagsunod umano ito sa mga protokol sa Covid-19 dahil anito, nagpositibo ang kanilang mga bangkay sa bayrus (bagay na wala ring independyenteng pagpapatunay). Ginawa ito ng AFP sa kabila nang paparating na noon ang kapatid ni Ka Oris para kunin ang kanyang mga labi.

Ipinagkait ng AFP ang lahat ng posibilidad para ipa-awtopsiya ang bangkay sa independyenteng mga duktor. Ito ay taliwas din sa kahilingan ng kanyang mga kaanak at ng rebolusyonaryong kilusan na ibalik ang kanyang mga labi sa Siargao Island sa Surigao del Norte para masilayan sa huling pagkakataon ng kanyang pamilya. Naulila ni Ka Oris ang kanyang asawa na si Maria Malaya, at kanilang dalawang anak. AB

*"Itigil...," mula sa pahina 2*

laasa dito ang mga tropang pangkati ng kaaway. Sa harap nito, dapat ibayong magpakahusay ang BHB sa paggamit nito ng bentahe ng kalupaan at suportang masa upang targetin ng mga taktikal na opensiba ang mahihina at nahihiwalay na yunit ng kaaway.

Gabay ng prinsipyong isinaad ni Mao: "ang mga mamamayan, hindi ang mga bagay, ang mapagpasya," dapat pag-ibayuhin ng lahat ng Pulang mandirigma ang tapang, determinasyon, kahandaan sa sakripisyo at talino sa patuloy na pagsusulong ng digmang bayan. Itaas ang pampulitika at katatagang pang-ideolohiya ng lahat ng yunit ng BHB habang isinusulong ang matagalang digmang bayan para makamit ng sambayanang Pilipino ang pambansang kalayaan at demokrasya. AB

# Sa tuwing umuulan ng lagim

Walang pagsidlan ang takot ng mga residente sa Sityo Damugnay, Los Angeles, Butuan City noong Nobyembre 3 dahil sa walang-habas na pambobomba ng mga helikopter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kanilang lugar.

Sa isang bidyo na kinuha ng isang residente, mahihiwatig ang takot at pagkataranta ng mga residente. Maririnig ang malalakas na pagsabog at sunud-sunod na putok, karugtong ang mga hiyaw at iyakan. Sa huling bahagi ng bidyo ay makikitang nagsisilikas ang taumbaryo.

Pinatotohanan ng pahayag ni Ka Diwa Habagat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Agusan del Norte ang sinapit ng mga residente. Sinabi niya na ala 1:45 ng hapong iyon, hindi bababa sa apat na malalaking bomba ang inihulog ng mga helikopter na Black Hawk, at daan-daang bala ng kalibre .50 na masinggan ang pinaulan sa mga sakahan at bukid.

Ang insidente sa Butuan City ay kabilang sa tatlong naitalang pambobomba sa Mindanao sa loob lamang ng limang araw. Noong Oktubre 30, binomba at inistraping ang Sityo Gabunan, Barangay Dumalaguing, Impasug-ong, Bukidnon mula alas 12:40 ng umaga hanggang pasado alas-dos ng umaga. Sa panahong ito, hindi bababa sa anim na malalaking bomba at dose-dosenang *rocket* ang pinaulan ng AFP sa lugar.

Muling binomba ang parehong barangay noong Nobyembre 2, alas-9 ng gabi. Katumbas ng di bababa sa tatlong toneladang bomba ang inihulog ng apat na eroplanong OV-10. Kabilang dito ang tig-apat na bombang may bigat na 250 libra at 500 libra. Dahil sa labis-labis na pasabog, sunud-sunod na niyanig ang lupa at nasunog ang malaking bahagi ng kabundukan. Mariin itong kinundena kahit ng mga syentista na nagsabing ang pagsunog ng malalawak na gubat ay nagdadagdag sa pag-init ng atmospera.

Sa loob ng 12 linggo mula kalagitnaan ng Agosto hanggang unang linggo ng Nobyembre ay may naitalang anim na katulad na pambobomba. Katumbas ito ng isang serye ng pambobomba bawat dalawang linggo. Dalawa sa mga insidente ay sa Eastern Visayas at isa sa Cagayan Valley.

Hindi bababa sa dalawang sibilyan ang naiulat na namatay dahil sa mga pambobomba, at ilan ang nasugatan. Si Ruben Darasin, magsasakang taga-Barangay Balang-balang sa Remedios T. Romualdez, ay namatay matapos tumakbo papunta sa ilog dahil sa pagkataranta nang bombahin ang Sityo Damugnay. Mga sugat at galos sa katawan din ang tinamo ng mga nagtatrabaho sa kanilang mga sakahan dahil sa pagtakas sa peligrong matamaan sa pambobomba.




Sa Bobon, Northern Samar noong Setyembre 16, dahil din sa takot dulot ng pagkanyon at pambobomba ay nakunan ang isang buntis at namatay. Dalawang bala ng 105mm na kanyon at di bababa sa 11 *rocket* ang pinaulan ng militar sa lugar mula alas-3 ng madaling araw hanggang alas-10 ng umaga.

Limang magsasaka naman ang biktima ng pang-iistraping ng 20th IB at mga pulis sa magkahiwalay na insidente sa Barangay Epaw, Las Navas noong Oktubre 14 at Barangay San Vicente, Catubig sa Samar nang sumunod na araw. Dalawa sa mga biktima ang nasugatan at isa ang iligal na dinakip.

Daan-daan din ang sinukluban ng takot dulot ng mga pagsabog. Sa insidente sa Butuan City, maging ang mga residente sa apat na katabing barangay ay nangambang madamay sa pambobomba. Sa magkakahiwalay na bidyo sa pagbomba sa Dumalaguing ay nagpahayag din ang mga residente ng kanilang pangamba na maisapeligro ang buhay ng kanilang mga kapamilya.

Dahil sa teroristang epekto ng pambobomba mula sa ere, suportado ito ng mga kasinungalingang pilit pinatatanggap sa madla. Asintadong operasyon umano ang paghulog ng mga bombang may bigat na 500 libra (katumbas ng 230 kilo) gayong winawasak nito ang nasa saklaw ng 90-183 metro paikot, at mas malawak pa kung susukatin ang naaabot ng nagpira-pirasong bomba.

Noong Nobyembre 5, ibinalita ang pagdating sa Mindanao ng anim na karagdagang Black Hawk na helikopter, na lalong maghahasik ng teror sa mga komunidad at bukid. Ngunit ayon sa BHB-Agusan del Sur, kailangan ang paglalantad ng taumbaryo sa gayong mga lagim upang unti-unting maitransporma ang takot tungo sa kolektibong tapang. AB

## "Lupa, ayuda at hustisya!" sigaw ng magsasaka at katutubo

DAAN-DAANG MAGSASAKA MULA sa Southern Tagalog at Central Luzon ang nagmartsa patungo sa Mendiola sa Maynila noong Oktubre 21. Iginiit nila ang tunay na reporma sa lupa, ₱15,000 na subsidyo at hustisya para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao. Nanawagan din sila na ibasura ang Rice Tariffication Law.

Nagkaroon din ng katulad na programa sa Bacolod City sa Negros, Iloilo City, Naga City sa Bicol at sa harap ng Department of Agrarian Reform in Central Visayas sa Cebu City.

Noong Oktubre 29, nagprotesta ang mga katutubo at progresibong grupo sa harap ng upisina ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa ika-24 taong anibersaryo ng pagpapasa sa Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 (IPRA). Panawagan nila na ibasura ang naturang batas at buwagin ang NCIP. Anila, nagsisilbi lamang ang mga ito bilang instrumento ng reaksyunaryong estado para sa malawakang pang-aagaw sa lupaing ninuno ng mga katutubo at pagkakait ng kanilang karapatan sa sariling pagpapasya.

## 5 magsasaka sa Masbate, minasaker

LIMANG MAGSASAKA ANG minasaker ng mga pulis noong Oktubre 24, sa Barangay Bugtong, Mandaon, Masbate. Pinalabas ng pulis na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga biktima na umano'y nanlaban nang aarestuhin, bagay na pinabulaanan ng BHB-Masbate. Inaalam pa ng BHB ang pagkakakilanlan ng mga biktima.

Sa Barangay Poblacion, Ninoy Aquino, Sultan Kudarat, pinatay ng mga tauhan ng 7th IB ang kontra-minang aktibista na si Filimon Agsim noong Oktubre 22. Pinalalabas ng militar na nagpatiwakal ang biktima ngunit ayon sa kanyang pamilya, bugbog-sarado at may mga palatandaan ng pagpapahirap ang bangkay ni Agsim.

**Iligal na pag-aresto.** Sa Bulacan, 40 na mangingisda, kabilang ang anim na bata, ang dinakip ng mga sundalo at CAFGU sa Barangay Pamarawan, Malolos noong Oktubre 29. Dinala ang mga biktima sa detatsment sa Barangay Taliptip sa katabing bayan ng Bulacan. Doon ay sapilitan silang pinagtrabaho. Pitong iba pang residente, kabilang ang isang bata, ang sapilitan ding pinagtrabaho doon sa araw na iyon.

## Teror sa Abra-Apayao

SUNUD-SUNOD ANG NAGING paglabag ng mga sundalo ng 7th ID sa karapatang-tao mula noong Hulyo hanggang Agosto. Naitala ang mga kaso sa mga bayan ng Tineg, Lacub at Malibcong sa Abra; at mga bayan ng Kabugao at Conner sa Apayao. Kumalat din ang sakit sa mga komunidad dahil sa pagkakahawa sa mga sundalo.

**Pag-aresto.** Sa bintang na myembro siya ng Bagong Hukbong Bayan, inaresto ang magsasakang si Jerome Cudiyen ng Sityo Talipugo, Buneg, Lacub. Ninakaw ang kanyang selpon at imbak na pagkain, at sapilitan siyang pinaggiya sa operasyon. Matapos nito ay ilang araw siyang ikinulong at tinortyur sa kampo ng 24th IB, at tinurukan ng di-matukoy na gamot. Tatlo pang kababaryo ng biktima ang inaresto sa Barangay Poblacion sa Lacub.

**Panggigipit.** Anim na residente ng Sityo Talipugo ang dinakip at ininteroga sa loob ng ilang oras. Dalawa sa kanila ang sapilitang pinaggiya sa operasyon. Sa Sityo Baliwan, Katablangan, Conner, noong Hulyo 28, dinakip at ininteroga rin si Romeo Sabaway at kanyang dalawang kabataang anak.

**#AcademicBreakNow sa Baguio**. Ipinatupad ng apat na unibersidad sa Baguio City ang panawagan ng mga estudyante para sa panandaliang bakasyon mula sa kanilang mga asignatura o *academic break*. Ayon sa mga estudyante, mahigpit ang pangangailangan para makapagpahinga sila sa dami at bigat ng mga rekisito sa paaralan. Lumundo ang protesta sa pagtitipon ng 400 mag-aaral at guro ng Saint Louis University noong Nobyembre 1. Itinakda ang *academic break* mula Nobyembre 2 hanggang 8.

**Tagapagsalita ni Duterte, kinuyog sa US**. Kinuyog ng mga kliyente ng isang restoran at mga aktibista sa US si Harry Roque, tagapagsalita ni Rodrigo Duterte, noong Oktubre 30. Nasa New York, US noon si Roque para ipagpilitan ang sarili na maging myembro ng International Law Commission, ang pormasyong naghahalal ng mga abugado sa International Criminal Court. Tinawag siyang “kriminal sa digma” at “maluho” ng mga aktibista.

**Paglaban kontra pribatisasyon sa Cebu**. Nagprotesta sa harap ng *city hall* noong Oktubre 27 ang People’s Coalition against Privatization-Cebu para tutulan ang napipintong pribatisasyon ng Metropolitan Cebu Water District. Panawagan ng koalisyon ang pagtatanggol sa karapatan ng mamamayan sa tubig, sanitasyon at iba pang panlipunang serbisyo.

**Manggagawang pangkalusugan sa Maynila.** Nagrali ang mga manggagawang pangkalusugan ng Tondo Medical Center (TMC) noong Oktubre 27 para igiit na ibigay ang nakabimbin nilang benepisyo. Mahigit 10 manggagawang pangkalusugan na ang nagresayn sa ospital dahil sa kawalan ng proteksyon, sobrang trabaho at mababang sahod. Walang dagdag na badyet ang ospital sa kabila ng patuloy na pagdami ng mga pasyente nito.

# Gawang-militar na mga samahan, ginagamit para sa mga mina, plantasyon

Hindi malulutas ng "pederasyon ng mga *people's organization* (organisasyon ng mamamayan)" ng militar ang matagal nang problema ng mga magsasaka at Lumad. Ito ang tugon ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Southern Mindanao Region (PKM-SMR) sa ibinalita noong ikatlong linggo ng Oktubre na nagbuo ang 10th ID ng umano'y pederasyon ng mga organisasyong masa sa rehiyon.

Ayon sa tagapagsalita ng PKM-SMR na si Restituto Baguer, hindi nilulutas ng mga organisasyong binuo ng militar ang kawalan ng lupa at iba pang anyo ng pagsasamantala sa mga magsasaka at Lumad. Katunayan, aniya, "pinalala ang mga ito ng patakaran ng gubyernong Duterte pabor sa pagpapalit-gamit ng lupa para sa kapitalistang mga plantasyong *monocrop* (nagtatanim lamang ng isang tipo ng pananim), malawakang operasyon sa pagmimina, agroturismo at mga proyektong imprastruktura."

Tinukoy ni Baguer ang di bababa sa 18 bayan at syudad sa rehiyon kung saan libu-libong pamilyang magsasaka ang pinalalayas para bigyang daan ang pagpapalawak ng mga plantasyon. Sa mga lugar na ito, nagsisilbing kasangkapan ang binuong mga organisasyon ng militar upang mapabilis ang pang-aagaw sa mga sakahan ng palay, mais, gulay at iba pang pananim.

Inihalimbawa ni Baguer ang dating mga organisasyon ng magsasaka at unyon ng mga manggagawa sa Maragusan, Davao de Oro, na nawalan ng kapangyarihan matapos silang piliting sumurender bilang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Dahil dito ay nakapamayagpag ang mga kapitalistang plantasyon sa pang-aagaw ng lupa sa tabing ng mapang-aping mga *agricultural ventures agreement.* Ayon pa kay Baguer, mas pabor sa mga kumpanya na mang-angkin na lang ng mga sakahan kesa gumastos sa rehabilitasyon ng lupa na sinira na ng deka-dekadang *monocrop* na pagtatanim ng mga plantasyon.

Mayroon ding di bababa sa 37,000 ektarya na aprubado nang pasukin ng mga kumpanya sa pagmimina. Maliban dito ay may isang milyong ektarya pa ang ipinailalim na sa mga aplikasyon sa pagmimina mula 2017. "Naigarantiya na sa mga kumpanya sa pagmimina at agroturismo ang bayan ng Talaingod at ang Kabundukang Pantaron, kaya walang lubay ang gera ng Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa mga Lumad sa lugar," ani Baguer. "Naging mga taga-apruba lamang ang binuong mga organisasyon ng AFP para sa panghihimasok ng mga mapanirang proyektong ito," dagdag niya.




Inilinaw ng PKM na walang programa ang mga organisasyong ito para lansagin ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, sa libreng pamamahagi ng lupa, o pagbibigay ng kumprehensibong ayuda para sa pagpapaunlad ng produksyon. "Walang kampanya para pataasin ang presyo ng aming mga produkto, at ibaba ang mga bayarin sa pagbilad at pagpagiling ng ani. Walang pagbabawal sa usura," salaysay pa ni Baguer.

Sa huli, inilantad ni Baguer na ang mga organisasyong nabanggit at kanilang mga aktibidad na pinasisimunuan ng 10th ID ay nagsisilbi lamang na palamuti para pagmukhaing nagtatagumpay ang kanilang kampanyang kontra-insurhensya. "Mas malala, ang mga ito'y ginagawang palabigasan ng militar," dagdag niya.

Sa Southern Leyte ay nagpasimuno rin ang 8th ID ng pagbubuo ng "pederasyon" sa katulad na layunin.

Hindi na bago ang pagbubuo ng AFP ng mga organisasyong pantapat umano sa mga organisasyong masa sa mga baryo at komunidad. Sa ilalim ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino III, ang mga "peace and development team" na umokupa sa mga pamayanan ay sapilitang nagbuo ng mga "counter organization" ng mga magsasaka, kabataan at kababaihan. Pawang nabigo ang mga ito na wasakin ang pagkakaisa ng mga residente sa baryo. Nanatili pa ring nakatayo sa mga baryo ang PKM.

Ang PKM ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga magbubukid na mahigpit na katuwang ng BHB sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. AB

# Sulong, mga manggagawa sa Southern Tagalog!

Nakapanayam ng Ang Bayan si Andres Obrero, organisador ng Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU) sa Southern Tagalog. Dati siyang manggagawa sa industriya ng pagmamanupaktura (semikonduktor) at ilang dekada nang nagseserbisyo sa kilusang paggawa.

**1) Anu-ano ang mga usapin na kinakaharap ng kilusan ng mga manggagawa ngayon sa rehiyon?**

Bago pa man manalasa ang pandemya, humahagupit na ang panunupil ng pasistang kaaway sa kilusang manggagawa sa rehiyon. Kinatangian ito ng laganap na *red-tagging* sa mga lider mula pabrika hanggang sa sentro ng militanteng unyon, at pag-aresto sa mga manggagawa at pagprisinta sa kanila bilang mga sumukong myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Dagdag pa rito ang kabi-kabilang sarbeylans at pagbabahay-bahay sa kilalang mga organisador at lider ng kilusang manggagawa upang gipitin sila. Naobligang magpakanlong at magtago ang ibang mga lider-manggagawa at organisador dahil sa tindi ng panunupil at *red-tagging*.

Dahil sa tindi ng inabot na panunupil, hindi maikakailang nagdulot ito ng pansamantalang negatibong epekto sa mga lider at sa mismong masang manggagawa sa mga lugar na kinikilusan. Sinabayan pa ito ng restriksyon sa paggalaw dahil sa militaristang protokol na ipinatutupad dahil sa pandemya.

Sa kabila nito, nagpatuloy ang rebolusyonaryong tungkulin at gawain ng marami nang may ibayong pag-iingat. Nagpakahusay sila sa dati nang kaparaanan ng lihim na pagkilos upang ligtas na makaugnay sa mga manggagawa laluna sa mga unyong naglulunsad ng kanilang mga pakikibaka.

**2) Paano umangkop ang kilusang paggawa sa mga restriksyon at panggigipit sa ilalim ng pandemya?**

Dahil sa pandemya, nagbago ang kaparaanan ng pagkilos ng mga manggagawa pero hindi humupa ang kanilang galit at diskuntento. Sa pagpupunyagi at dedikasyon ng mga organisador at lider manggagawa na labanan ang panunupil ay unti-unting napangibabawan ang takot na kumilos. Inaral at ginawa ang iba't ibang pamamaraan ng pagkilos at pag-ugnay sa masang manggagawa habang isinasaalang-alang ang kaligtasan at seguridad ng mga organisador at lider-manggagawa.

Mabisang nagamit ang iba't ibang pamamaraan para makapaglunsad ng mga pag-aaral, konsultasyon at pagpupulong na *online* at harapan, at maging sa pag-oorganisa at pagpapalawak. Patunay dito ang muling paglaki ng bilang ng mga manggagawa na lumahok sa mga mobilisasyon kahit pa sa gitna ng pandemya.

Ilan ding mga unyon ang matagumpay na nakapagsara ng mainam na *collective bargaining agreement* (CBA) sa kasagsagan ng pananalasa ng pandemyang Covid-19 at ng teroristang atake ng estado sa kilusang paggawa. Nakapaglunsad sila ng sama-samang mga pagkilos para labanan ang hindi pagbibigay ng mga kinakailangang ayuda at angkop na protokol para makatulong sa mga manggagawa na labanan at mailigtas sila sa pagkahawa sa bayrus na Covid-19.

Ang malalaking ganansyang nakamit ng mga manggagawa sa paglulunsad ng sama-samang mga pagkilos ay nagsisilbing halimbawa at inspirasyon ng iba pang mga unyon.

**3) Ano ang pinakamalalaking isyu na kinahaharap ngayon ng mga manggagawa sa rehiyon?**

Ang pangunahing mga usapin at kampanyang kinahaharap ng mga manggagawa ay ang usapin ng sahod, trabaho at karapatan o mga kampanya laban sa aliping sahuran; kawalan ng trabaho, malawakang tanggalan at kontraktwalisasyon; paglabag sa mga batayang karapatan sa paggawa at matinding panunupil ng estado.

Makikita sa rehiyon ang napakasahol na kalagayan ng pasahod sa bansa. Ipinatutupad dito ang iba't ibang antas ng pasahod alinsunod sa iba't ibang batas at patakaran sa pagpapasahod tulad ng *two-tiered wage system*, Barangay Micro-Business Employment Act na nagpapahintulot sa mga employer na may kapital na ₱3 milyon pababa na magpatupad ng sahod na mas mababa pa sa itinakdang minimum; at pagpapahintulot sa mga ahensya

*"Sulong...," ituloy sa pahina 8*

### Ano ang RCTU?

ITO AY ISANG konseho na binubuo ng mga rebolusyonaryong lider unyon at mga unyonistang kasapi at di kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Bahagi ito ng malawak na *network* ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa kilusang manggagawa.

Kinakatawan ng RCTU ang mga unyon ng manggagawa at kasapian nito sa National Democratic Front of the Philippines.

Ito ay isang konseho at hindi isang pormal na rebolusyonaryong organisasyong masa dahil sa punto de bista ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, dalawa lamang ang organisasyon ng manggagawa—ang kanilang unyon na siyang makinarya sa pakikibaka laban sa kapital at ang kanilang pampulitikang Partido, ang Partido Komunista.

## Opensiba ng BHB sa Iloilo

PINASABUGAN NG ISANG yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Panay ang nagpapatrulyang kontra-insurhensyang yunit ng 606th Mobile Company ng pulis noong Oktubre 24 sa Barangay Jolason sa bayan ng Tubungan, Iloilo. Dalawang pulis ang nasugatan sa opensiba. Bago nito, pinaputukan ng BHB ang detatsment ng naturang yunit sa katabing Barangay Mayang sa parehong araw.

Sa Masbate, tatlong pulis ng 2nd Police Mobile Force Company ang napaslang at dalawang iba pa ang sugatan sa opensibong aksyon ng BHB-Masbate sa Barangay Badiang, Catangian noong Oktubre 9.

Noong Setyembre 20, pinaputukan ng BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang nag-ooperasyong tropa ng 46th IB sa Barangay Bugho, Pinabacdao. Isa ang kumpirmadong napatay habang apat ang nasugatan sa mga sundalo. Samantala, sinunog ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) ang iniwang kampo ng 20th IB sa Barangay San Miguel, Las Navas noong Setyembre 1.

## Sundalong nag-amok sa Bukidnon, kinuyog ng taumbaryo

KINUYOG NG TAUMBARYO ang isang nag-amok na sundalo sa Barangay Calapaton, Kitaotao, Bukidnon noong Oktubre 17. Lasing ang naturang sundalo at walang patumanggang nagpaputok na ikinasugat ng pitong sibilyan. Ayon sa mga residente, namaril ang sundalo matapos may makaalitan habang naglalaro ng iligal na sugal na "hantak."

Myembro ng 72nd IB ang naturang sundalo at nakakampo sa katabing Barangay Calapaton.

Ayon sa Bagong Hukbong Bayan sa Southern Mindanao, nilalantad ng pamamaril na ito ang kabuktutan ng Retooled Community Support Program (RCSP) ng AFP. "Pantabing lamang ang RCSP. Ang totoo magkakumbinang kampanya ito ng saywar at paniniktik laban sa masa at nangangahulugan ng pagkontrol sa kanilang pagkilos, pananakot at pandarahas upang pigilan silang maggiit ng kanilang panawagan para sa lupa at karapatang pang-ekonomya at pampulitika."

Nag-ulat din ang ilang magsasaka na regular silang ipinatatawag ng mga sundalo upang "mag-report." Para sa mga magsasaka, sagabal ang RCSP sa kanilang kabuhayan. May isang pagkakataon na buong araw silang pinaghintay ng mga sundalo para lamang tanungin kung may nababantayan silang kilos ng BHB sa lugar.

*"Sulong...," mula sa pahina 7*

sa paggawa na humuthot ng 10% sa sahod ng kanilang mga manggagawa. (Sa kasalukuyan, ₱400 lamang ang itinakdang arawang minimum sa Region 4-A.)

Bago manalasa ang pandemyang Covid-19, nasa 70%-80% ng manggagawa sa mga pagawaan sa rehiyon ay kontraktwal. Marami na sa mga unyon at asosasyon ang nangampanya para sa regularisasyon ay panimulang nakakuha ng paborableng desisyon sa Department of Labor and Employment (DOLE) sa Region 4-A. Naitayo ang kanilang mga samahan na nagsulong ng tuluy-tuloy at aktibong mga pakikibaka ng mga manggagawa para sa panawagang maipatupad ang regularisasyon ng mga kontraktwal. Sa kabilang banda, malaking bilang sa mga paborableng desisyon na ito ay binawi ng kalihim ng DOLE.

Tuluy-tuloy pa rin ang terorismo ng estado sa kilusang paggawa sa rehiyon. Binabahay-bahay ng mga pwersa nito ang mga lider-manggagawa na nagtataguyod ng tunay na unyonismo. Wala pa ring hustisya sa brutal na mga pamamaslang, kabilang sa mga biktima ng "Bloody Sunday," ang pinakamadugong araw sa rehiyon sa ilalim ng rehimeng Duterte.

**4) Ano ang hamon ngayon ng RCTU sa harap ng pag-igting ng mga atake sa pambansa-demokratikong kilusan?**


Hamon sa mga kasapi ng RCTU na mahigpit na panghawakan ang ibayong pagpapaunlad ng rebolusyunaryong kilusang masa sa saklaw nito at mahigpit na pagtulong sa pagpapaunlad ng rebolusyunaryong kilusan sa kanayunan.

Tuluy-tuloy nating isulong ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran, pukawin, organisahin at pakilusin natin ang malawak na hanay ng uring manggagawa at iba pang demokratikong pwersa sa nagkakaisang prente. Sila ang ating mahigpit na makatutuwang na pwersa para sa pakikibakang antipasista at anti-imperyalista na susuporta sa antipyudal na pakikibaka sa kanayunan.

Batid ng mga manggagawa ang napakapaborableng sitwasyong mabilis na pagkabulok ng rehimeng US-Duterte at lumalalim na mga bitak sa naghaharing-uri sanhi ng pagpabor nito sa isang seksyon ng mga negosyante, pulitiko at militar. Kailangang lahatang-panig na palakasin ang mga rebolusyunaryong pwersa at makapagtipon pa ng solidong lakas. Abutin ang pinakamalawak na masang manggagawa para ilapit sila sa demokratikong rebolusyong bayan.

Pangunahing tungkulin ng RCTU bilang pagtulong sa BHB ay ang aktibong pagrerekrut at pagpapasapi ng mga manggagawa sa BHB. Liban dito ang tuluy-tuloy na pagbibigay ng mga kasapi ng RCTU ng suportang materyal, mahahalagang gamit personal, gamot, gamit medikal at iba pang mga pangangailangan ng hukbong bayan. Bahagi rin ng programa ng RCTU sa rehiyon ang panawagan ng integrasyon sa BHB. AB


## 22 na aktibista ang napalaya



matapos **ibasura** ng mga **husgado** ang mga ***search warrant*** at mga **kasong kriminal** laban sa kanila.

Pinakahuli sa kanila si Erlindo "Lino" Baez, tagapagsalita ng **Bayan-Batangas** na pinalaya noong Oktubre 25.

## 5-10%



ng **kabuuang** bilang ng mga **nars** ang **nagresayn**

sa iba't ibang mga ospital sa bansa noong **unang tatlong linggo** ng **Oktubre** dulot ng **mababang sahod**.

***Pinagkunan:*** *Private Hospitals Association of the Philippines*

## #HandsOffOurLibraries

**panawagan ng mga akademiko laban sa** "book purging" o **sapilitang pagpapatanggal** ng mga **librong binabansagang subersibo** ng **NTF-ELCAC** at **AFP** sa mga silid-aklatan.



## "NO JAB, NO PAY"


iligal na iskemang **itinutulak ng mga kapitalista** para **pagkaitan ng sahod ang mga manggagawang hindi pa nababakunahan**. Karugtong ito ng iligal ding **"no vaccine, no work"** kung saan hindi ipinapapasok sa trabaho ang di bakunado.

## 180

**nag-ooperasyong sundalo** ang **pinalibutan** at **"inaresto"** ng **600 magsasaka**

sa Colombia noong Oktubre 22. Nasa lugar noon ang mga **sundalo** para **wasakin ang kanilang mga pananim**. Pinalaya ang mga sundalo matapos **mangako ang gubyerno** rito na **itigil** ang **marahas na pagwasak** ng mga **sakahan** at **iba pang reporma.**

## 33 aktibistang ni-red tag ng NTF-ELCAC ang pinaslang



sa bansa mula Hulyo 2016. Kabilang sila sa **421 aktibistang pinaslang** na naitala ng Karapatan sa parehong panahon.

## Striketober

**welga** noong Oktubre ng mga **manggagawa** sa iba't ibang bahagi ng **US**

para sa **dagdag sahod** at **makataong kundisyon sa paggawa**. Mahigit **100,000 manggagawa** ang lumahok sa kabuuang **45 welga**. Ngayong taon ay umabot na sa **255 welga** ang nailunsad sa **US**.

## 60,000 MT



**galunggong ang pinayagang i-import**

ng bansa noong Oktubre. Nagresulta ito sa **pagbagsak ng presyo** sa **pagbili** ng isda mula sa mga **lokal na mangingisda** at **pagkalugi nila**.

# Irolbak ang presyo ng langis!

Tiba-tiba ang lokal na mga kumpanya ng langis sa abot-langit na pagsirit ng mga presyo ng produktong petrolyo nitong nagdaang dalawang buwan. Mula Enero ngayong taon, lampas ₱18 kada litro na ang itinaas ng presyo ng *diesel* at ₱20 kada litro ng gasolina. Mahigit ₱100 na rin ang itinaas ng presyo ng 11-kilong tangke ng LPG. Kasabay ng pagtaas ng kita ng mga kumpanya, tumaas din ang nalikom na pondo ng kurakot na rehimeng Duterte mula sa patong-patong na buwis na ipinataw nito sa langis.

Ang lahat ng ito ay dagdag na pasanin ng mamamayang Pilipino na una nang nakuba sa taas ng presyo ng mga bilihin at bawas na kita at sahod dulot ng pandemya. Sa taya ng Ibon Foundation, mula lamang Setyembre, tumaas nang ₱97.50 kada araw ang gastos ng mga drayber ng dyip sa 11 litro ng gasolinang kinokonsumo sa araw-araw. Nadagdagan din nang ₱1,653 ang gastos ng isang magsasaka na gumagamit ng 190 litro ng *diesel* kada ektarya sa isang siklo ng pagtatanim.

Ayon naman sa Pamalakaya, nagdagdagan ng ₱720 kada linggo ang gastos sa gasolina ng mga mangingisda. Dahil dito, napipilitan silang mamamalakaya nang apat hanggang anim na oras na lamang, imbes sa kinagawiang walo para makatipid.


Tiyak na sisirit rin ang presyo ng batayang mga bilihin at serbisyo sa susunod na mga buwan. Dagdag gastos na naman ito sa transportasyon, pagbili ng pagkain, panggatong para sa pagluluto at iba pa. Napipilitan ang mamamayan na indahin ang mga ito sa harap ng kawalang subsidyo at ayuda sa napakaraming kulang ang kita at walang trabaho. (Noong Setyembre, muling pumalo sa 8.9% ang tantos ng walang trabaho, panguhanin dulot ng pagkasira ng mga sakahan. Tinataya namang lalampas sa 5% ang tantos ng implasyon sa susunod na mga buwan. Pinakamabilis ang pagsirit ng mga presyo ng pagkain at inumin, na nasa 5.6% na noong Setyembre.)

Samantala, nagdiriwang ang mga multi-bilyunaryong mga kapitalistang nagmamay-ari sa Petron, Shell Philippines, Chevron, Phoenix at iba pang kumpanya ng langis. Walang sagkang nakapanghuhuthot ng kita ang mga kumpanyang ito sa ilalim ng batas sa deregulasyon sa industriya ng langis.

Sa unang hati ng taon pa lamang, nagtala na ang Petron, na pagmamay-ari ng kumprador na si Ramon Ang, ng ₱3.87 bilyong netong kita. Ang Shell Philippines naman ay nag-ulat ng ₱2.2 bilyong kita. Ang mas maliit na kumpanyang Phoenix, na pagmamay-ari ng kroni na si Dennis Uy, ay kumita ng ₱252 milyon sa parehong panahon.

Milyun-milyon din ang nalilikom na pondo ng burukrata-kapitalistang rehimen sa pagtaas ng mga presyo. Sa pag-aaral ng Ibon, umaabot sa ₱6.72 kada litro ng *diesel*, ₱6.33 kada litro ng gasolina at ₱33 kada 11-kilong tangke ng LPG ang hinuhuthot ng gubyerno sa *excise tax* pa lamang. Kung isususpinde ang lahat ng nakapataw na buwis sa mga ito, maaari pang umabot sa ₱17.50 o 25% ang mababawas sa presyo ng diesel kada litro at ₱11.35 o 22.7% kada litro ng gasolina. (Ibinatay ang kalkulasyon sa presyong ₱50/litro ng *diesel* at ₱70/litro ng gasolina.)

Sinalubong ng iba't ibang protesta ang walang-awat na pagtaas ng presyo ng langis mula huling linggo ng Oktubre sa Metro Manila, Cebu, Panay at iba pang lugar. Ipinanawagan ng mga nagpuprotesta ang kagyat na pagbaba ng presyo ng mga produktong petrolyo, pagbabasura ng batas na nagderegularisa sa industriya ng langis at muling pagnasyunalisa sa kumpanyang Petron. AB




## Mga grupong Palestino, ginipit ng Israel

ANIM NA ORGANISASYONG nagtatanggol sa karapatang-tao ng mga Palestino ang "itinalaga" o binansagan ng gubyerno ng Israel bilang mga "teroristang organisasyon" noong Oktubre 22.

Ang mga grupong ito ang Al-Haq, Addameer Prisoner Support and Human Rights Association, Defence for Children International Palestine, Bisan Center for Research and Development, Union of Palestinian Women's Committees at Union of Agricultural Work Committee. Una nang itinalaga ng Israel na "terorista" ang grupong Samiduon Palestinian Prisoner Solidarity Network noong Pebrero.

Ayon sa Samiduon, binansagang silang mga "terorista" dahil epektibo nilang nahahamon ang mga krimen ng Israel laban sa mga Palestino. Anito, tiyak na gagamitin ang "teroristang bansag" para arestuhin ang mga myembro nito, buwagin ang mga organisasyon at ipasara ang kanilang mga upisina at ideklara ang mga ito na "iligal" sa loob mismo ng mga okupadong teritoryo.